BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Oktubre 2, 2024
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, inilabas ang taunang Ulat ng Mga Toxin sa Hangin at ang online na Instrumento para sa Mga Nakakalasong Emisyon at Pagsasapriyoridad ng Pasilidad

Mga resource, lalong isinusulong ang pangako ng ahensya sa transparency, kalusugan ng publiko, at katarungan sa kapaligiran

SAN FRANCISCO – Sa isang pampublikong pagdinig ngayong araw, inilabas ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang *2024 Taunang Ulat ng Programa sa Mga Nakakalasong Contaminant sa Hangin*, kasama ng isang bagong web page na madaling gamitin para magawa ng mga miyembro ng publiko na tingnan ang data ng nakakalasong emisyon mula sa isang komprehensibong mapa ng mga pinapahintulutang pasilidad sa Bay Area.

Tutulong ang instrumento at ulat na tugunan ang mga alalahanin sa komunidad at papahusayin ng mga ito ang mga kasanayan sa pag-uulat at pakikipag-ugnayan sa publiko sa ilalim ng Air Toxics “Hot Spots” Information and Assessment Act ng 1987. Ang instrumentong mapa at ulat ay mahahalagang bahagi ng kamakailang kasunduan sa pagitan ng Distrito ng Hangin at Environmental Democracy Project.

“Sa paglalabas sa Taunang Ulat ng Mga Toxin sa Hangin at sa bagong Instrumento para sa Mga Nakakalasong Emisyon at Pagsasapriyoridad ng Pasilidad, mabibigyan ang publiko ng mga makabuluhang resource na magagamit nila sa pagtatasa sa matitinding epekto ng polusyon sa hangin sa kani-kanilang komunidad,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sa pakikipagtulungan sa Environmental Democracy Project, magiging mas transparent ang data ng kalidad ng hangin para sa mga residente sa mga komunidad na dati nang apektado ng polusyon sa hangin sa buong Bay Area.”

"Kapag may kabatiran at nakikibahagi ang komunidad, mas huhusay ang demokratikong proseso ng pangangasiwa,” sabi ni Tanya Boyce, ang tagapagpaganap na direktor ng Environmental Democracy Project. “Ang paglulunsad sa napakakahalagang instrumentong ito ay magbibigay sa ating mga komunidad ng napapanahong data na kinakailangan nila para magsulong ng mas malinis na hangin at ng pamumuhay nang mas malayo sa sakit. Isa itong makabuluhang hakbang tungo sa katarungan sa kapaligiran at sa pagtiyak na may kakayahan ang mga dati nang apektadong komunidad na makibahagi sa pagpapatupad ng mga regulasyong ginawa para protektahan ang kalusugan ng tao at mabawasan ang epekto ng pagbabago ng klima."

Ang Mga Nakakalasong Contaminant sa Hangin ay mga contaminant sa hangin na alam nang nagdudulot o nagpapatindi ng mga hindi kanais-nais na epekto sa kalusugan. Puwedeng humantong ang pagkakalantad sa mga pansamantalang minor na kundisyon, gaya ng iritasyon sa mata o balat, permanenteng pinsala, o higit pang malalang sakit, kasama ang cancer.

Bawat taon, nangongolelekta ng impormasyon ang Distrito ng Hangin at tinatantya nito ang mga emisyon ng nakakalasong contaminant sa hangin mula sa mga pinapahintulutang pasilidad. Ginagamit ng Distrito ng Hangin ang impormasyong ito para matiyak na nakakasunod ang mga pasilidad sa mga panuntunan at regulasyon ng Distrito ng Hangin, at tinutukoy nito kung kinakailangan ng higit pang pagsusuri. Ang bagong online naTool para sa Mga Nakakalasong Emisyon at Pagsasapriyoridad ng Pasilidad ay magbibigay sa publiko ng madaling paraan para makita ang mga emisyon ng nakakalasong contaminant sa hangin at ang mga nauugnay na posibleng epekto sa kalusugan para sa lahat ng pinapahintulutang pasilidad sa Bay Area.

Bukod pa rito, tutukuyin ng *2024 Taunang Ulat ng Mga Nakakalasong Toxin* ang mga pang-industriyang pasilidad na puwedeng magdulot ng cancer at iba pang banta sa kalusugan. Kasama rito ang impormasyon tungkol sa mga emisyon ng nakakalasong pollutant sa hangin ng bawat pasilidad, at ipapamahagi ang mga ito sa mga lupon ng mga supervisor ng county, konseho ng lungsod, at lokal na opisyal sa kalusugan.

Patuloy na makikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa mga stakeholder sa komunidad para matiyak na ang mga residenteng nakatira malapit sa mga pang-industriyang pasilidad ay may sapat na kaalaman tungkol sa mga panganib sa kalusugan mula sa mga emisyon.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*